# BABALA SA SEGURIDAD

## Mag-ingat ang consumer

*Mahirap paniwalaan. Nakakita ka ng online na nagsusubasta na makapagbibigay sa iyo ng pinakasikat na item sa ngayon o yaong namumukod-tanging bagay na iyong hinahanap sa murang halaga. Nananabik kang makuha agad ang item at sumang-ayon na ipadala ang bayad na cash, gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera.*

*Sa iyong palagay ay nag-iingat ka. Ipinangalan mo ang transaksiyon sa iyong kapatid na lalaki, balak na palitan ang pangalan ng tatanggap ng pangalan ng nagsusubasta pagkatanggap mo ng iyong produkto. O maaaring nagtalaga ka ng test question sa paniniwalang hindi makukuha ng tatanggap ang transaksiyon hanggang sa ibigay mo ang sagot.*

*Ang pera ay naipadala nguit ang item ay hindi dumating o hindi kagaya ng iyong inaasahan. Sa kasawiang-palad, ang pera ay nakuha na. Naging biktima ka ng panlilinlang sa online na subasta.*

***Panlilinlang sa online na subasta***

Ang mga subasta sa Internet ay isa sa mga pinakasikat na bagay sa Web. Ibinibigay ng mga ito sa mga consumer ang isang “virtual” na talipapa kung saan makakapamili ng walang katapusang pagpipiliang produkto. Hindi ka na limitado sa pamimili sa iyong lokal na mall. Ngayon ay makakapamili ka na ng mga produkto at serbisyo mula sa kahit saan sa mundo, na kadalasan ay sa murang halaga. Gayunman, kasama sa mga pakinabang sa mga online na subasta, may panganib din.

Ang mga mapanlinlang na manunubasta ay maaaring mawala sa cyberspace, iniiwan ang mga consumer na kakaunti ang magagawa laban sa kanila. Habang ang Western Union ay hindi kaugnay ng mga nagsusubastang ito, ang aming mga consumer magkaminsan ay mga biktima ng kanilang mapanlinlang na gawain. Kung kaya ibinabahagi namin ang mahalagang impormasyon na ito sa iyo.

Nasa ibaba ay ilang tip upang maiwasan kayong mabiktima ng panlilinlang sa online na subasta:

1. Tandaan, hindi inirerekomenda ng Western Union ang paggamit ng serbisyong Western Union Money Transfer® para bayaran ang mga binili sa online na subasta. Mahalagang tandaan na ang Western Union ay hindi nag-aalok ng anumang uri ng proteksiyon sa pagbili o serbisyong paggarantiya (escrow) at hindi mananagot para sa hindi pagtanggap o kalidad ng mga produkto o serbisyo. Ang Western Union ay nasa negosyo ng paglilipat ng mga pondo mula sa isang nagpadala tungo sa tatanggap. Hindi kami isang serbisyo sa pagkolekta o pagtatabi.
2. Mag-ingat kung ang isang online na nagsusubasta ay tumatanggap lamang ng money transfer. Karamihan ng lehitimong nagsusubasta ay handang tumanggap ng higit sa isang uri ng pagbayad.
3. Tiyakin na tingnan ang anumang batayan sa nagsusubasta o “feedback” bago ka bumili. Pakitandaan, gayunman, na ang mga batayan sa nagsusubasta o “feedback” ay maaaring gawin at maaaring peke.
4. Tandaan na hindi pinapayagan ng Western Union na magpadala ng pera ang mga consumer sa mga pekeng pangalan at ito ay hindi nagpoprotekta sa iyo. Ang mga kriminal ay kadalasang may access sa mga pekeng pagkakakilanlan, na maaaring napakahirap makilala mula sa mga lehitimong ID.

# BABALA SA SEGURIDAD

5. Ang mga test question ay ginawa para gamitin sa isang emergency kapag nawala ng iyong tagatanggap ang kanyang pagkakakilanlan. Hindi dapat gamitin ang mga ito para maantala ang bayad sa isang transaksiyon at hindi inilaan bilang isang uri ng proteksiyon kapag bumibili ng mga produkto o serbisyo mula sa hindi kilalang tao.

6. Tandaan, na kung ang isang bagay ay lubhang napakaganda na parang hindi na totoo, malamang na ganoon nga ito.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang mga consumer na gumagamit ng aming mga serbisyo at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging mga biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

# # #